



MGA BAGONG BALITA SA KOMUNIDAD

Mga Napapanahong Pagbati mula sa Moorebank Logistics Park

Best Wishes para sa lahat sa komunidad habang ipinamamahagi naming sa inyo ang aming huling newsletter ng 2021 at tinatapos ang isang mapaghamong taon sa ating lahat sa komunidad at sa buong New South Wales.

Ang ating ika-apat na taon ng kon-struksyon ay naapektuhan ng Covid lock-down ng boung estado at ang mga kasamang paghinto ng konstruksyon at kakulangan ng bilang ng mga mangga-wa. Datapwat, ito ay naging isang masa-ganang 12 na buwan habang tinatapos natin ang isang proyektong nagbubuo ng isang lungsod at mga 7,000 na trabaho, nagbabawas sa pagdaan ng mga mabib-igat na sasakyan sa M5 at iba pang mga daanan ng 2,700 bawat araw, nagbabawas ng pagkakaroon ng green-house gas ng 110,000 tonelada bawat taon at pagkakasemento ng Moorebank bilang pangunahing sentro ng bagong Western Parkland City.

Habang marami tayong nagawa ngayong taon (tingnan sa loob), isa sa pinaka-masayang mga resulta ay ang patuloy na pagtutulungan sa ating komunidad at ang pagbaba ng mga reklamo mula sa komunidad sa 16 lamang sa isang taon (sa pagtatapos ng Nobyembre), isang nagawa natin na maipagmamalaki namin dahil ang kalawak ng proyekto ay katumabas ng buong CBD ng Sydney. Palagi naming sinasabi sa aming mga trabaha-dor ang kahalagahan ng pagbabawas ng kanilang epekto sa komunidad at ang pagtatrabaho na may pagkonsidera sa kapakanan ng komunidad – lalo na sa mga pagtatrabaho sa gabi – kaya kami ay masaya na nakikita ito sa mas kunting bilang ng reklamo mula sa komunidad.

Kami ay nagnanais ng isang ligtas na panahon ng pagbabakasyon at inaasahan namin ang pagbabalik sa 2022 upang maipagpatuloy natin ang pagkakaroon nitong may pambansang katuturang proyekto.

Maraming salamat sa ating mga boluntaryo sa komunidad

Gusto naming ipahayag ang aming pagpapasalamat sa mga boluntaryo bilang mga kasapi sa Community Consultative Committee tungkol sa kanilang kontribusyon sa proyekto.

Fiona McNaught, Ian Pryde, Jeffrey Thornton, Michael Russell, Sharyn Cullis at John Anderson ay bawat isang naglingkod sa kanilang tungkulin mula noong 2019, pagbibigay ng mga puna sa mga plano ng proyekto at aktibidades, nagtatanong para sa kapakanan ng pangkalahatang komunidad, nagbabahagi ng mga mahahalagang impormasyon sa kanilang ugnayan at pagbibigay ng kanilang ibang kaisipan.

Itong mga kinatawan ng komunidad ay sinasamahan ng CCC Chair Dr Colin Gellatly (hinirang ng Department of Planning, Industry and Environment) at kinatawan ng Liverpool City Council, Luke Oste.


2021: Ang taong nakaraan

Habang ang 2021 ay isang mapanghamon na taon upang mamahala ng isang proyekto sa konstruksyon dahil sa mga paghamon ng mga lockdown at paghihigpit, kami ay nasisiyahan sa pag-unlad na nagawa natin sa nakalipas na 12 buwan.

Tayo ay masayang sumalubong sa ibat-ibang mga bagong magrerenta sa mga warehouse sa Moorebank Precinct East na nakumpleto noong unang mga buwan ng taon, kasama rito ang pagdating ng Catch noong umatras ang Target sa lokal na tindahan. Ang mga motorista sa Moorebank Avenue ay maaaring nakita na nila ang marka ng Catch's noong mga nakaraang linggo.

Ito ay ang taon din na gumawa tayo at ginamit ang mahalagang upgraded di-version na daanan sa Moorebank Avenue na gagamitin habang ang mga kon-traktor ay gumagawa sa mga mas mala-laking road upgrade sa lugar. Ang kali-dad ng serbisyo ng pansamantalang daanan ay magpapakita ng de-kalidad na mga ginagawa habang ipinagpapatuloy namin ang mga ibat-ibang mga upgrades sa pagitan ng Anzac Road at ang East Hills railway line.

Ang aming Import/Export rail terminal ay naging aktibo din ngayong taon, dumarami ang bilang ng mga dumarating na mga container sa aming pasilidad, nagbabawas sa mga dumadaang truck sa M5 Motorway at naglilingkod sa mga nagrerenta at iba pang freight importers sa south-west Sydney.



Ang mga bagong distribution centre ng Woolworths' ay nagpapatuloy na maging aktibo sa Moorebank Precinct West.



Ang 2021 ay naging isang matrabahong taon para sa mga magrerenta na naglilipat sa Moorebank Logistics Park.

Ano ang maasahan sa 2022

Ang mga tauhan ng Kalmar ay naging abala sa pagtatrabaho sa tabi ng rail terminal na naghahanda ng automated machinery na magpapaandar sa terminal. Ang pag-testing ay inaasahang magsisimula ng maaga sa 2022.

Sa darating na taon, magkakaroon din ng karagdagang pag-unlad sa Moorebank Precinct West, ang pagpapatuloy na mabubuo ang mga bagong distribution centre ng Woolworths, pagkakakumpleto ng mga daanan sa looban at ang mga bagong pasukan at labasan sa ating lugar ay sisimulang magbibigay-sulyap kung paano gagana ito kapag matapos na ang ating proyekto.

Kasunod ng pagkaaproba sa plano noong Oktubre, ang trabahong kinakailangan upang masimulang ipatupad ang pagkakaderetso ng Moorebank Avenue ay gagawin na. Ang bagong four-lane road ay papahabain sa paikot ng may silangan ng lugar at magbibigay nito ng mahalagang pagpapahusay para sa mga nagbibiyahang pagitan ng Moorebank at Glenfield at gayundin sa mga papunta at magmula sa Moorebank Logistics Park.

Ang mahalagang bahagi ng trabaho sa 2022 ay ang pag-upgrade ng lokal na electrical network upang matiyak ng de-kalidad na suplay para sa ating lahat sa komunidad. Magpapatuloy tayong makipagtrabaho sa mga pangkat ng kontraktor para sa mga electrical upgrade upang mabawasan ng pagkaka-abala ng komunidad.



Sa nakalipas na 12 mga buwan, ang ating pangkat ay nakagawa ng mga pambihirang pag-unlad sa proyekto at inaasahan namin na magpapatuloy ito sa 2022.



| Mahigit na 5,000 dosis ng mga bakunang Pfizer laban sa Covid-19 ay ibinakuna sa ating lugar noong Setyembre at Oktubre.

Ang sentro ng bakunahan ay naglingkod sa may 5,000 katao

Ang on-site na bakunahan laban sa Covid-19 sa Moorebank Precinct East aynagsara na at nakapagbakuna sa mga residente mula sa mga lokal na LGA at iba pang mga lugar ng Sydney ng mahigit sa 90 porsiyento at malaking pagkakabawas sa pangkalahatang pangangailangan ng mga bakuna.

Ang sentro ng bakunahan ay nabuksan para sana sa mga service frontline workers mula south-western Sydney, ngunit napalaki ito upang mabakunahan na rin ang ibang mga tao dahil ang paggamit ng mga bakuna ay lumawak mula sa mga pangunahing pangkat ng tao hanggang sa lahat ng nakatira na may edad na 12 taon o mahigit bago nagsara ang sentro noong kalagitnaan ng Oktubre.

Ang hub, na gumana sa tulong ng Company Medical Services, ay nakabukas mula ika-2 ng Setyembre hanggang ika-13 ng Oktubre at nakapagbakuna ng 5,164 dosis ng Pfizer laban sa Covid-19 – mahigit 170 bawat araw.

Ito ay nagbigay ng trabaho sa walong tao, mula sa mga kawani sa reception, direction at security at sa mga propesyonal sa pangkalusugan na tagapagbakuna.



**Mga bagong
detalye ng mga
matatawagan**

Mangyaring bisitahin ang aming website:



www.simta.com.au
para sa karagdagang
impormasyon



Level 15, 207 Kent Street
Sydney NSW 2000

Para sa mga partikular na katanungan, mangyaring:



tumawag sa **1800 986 465**



o magpadala ng mga nakasulat na katanungan
o puna sa **moorebank@tsamgt.com**